# Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

## Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills



Copyright © 2024 GSM Association

# Module 5: Wikipedia

## Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo
ng basic mobile internet skills

## Ano ito?


WIKIPEDIA
The Free Encyclopedia

**Ipakita ang Wikipedia sa telepono.**

**Ipaliwanag:** "Ang Wikipedia ay isang libreng website kung saan puwedeng magbasa ng impormasyon tungkol sa maraming bagay, lalo na sa edukasyon. Madalas itong unang lumalabas kapag nag-search ka sa Google, o puwede mong idagdag ang salitang 'wiki' sa iyong hinahanap para mas madali itong makita."

"Ang laman ng Wikipedia ay gawa ng mga tao mula sa iba't ibang bansa. Puwedeng mabago o ma-update ang nilalaman nito anomang oras. Para masigurong mapagkakatiwalaan ang impormasyon, tingnan ang ibaba ng bawat pahina kung saan nakalista ang pinagkunan nito."

## Mga kagamitan na kakailanganin mo:



Mga handset na smartphone




Poster ng Wikipedia

## Ano ang maaari mong paggamitan nito?

"Maaari mong gamitin ang Wikipedia para maghanap ng impormasyon tungkol sa iba't ibang paksa. Halimbawa, makapaghahanap ka ng mga impormasyon tungkol sa sports, musika, kasaysayan, ibang mga bansa o siyensya."

"Maaari mong gamitin ang Wikipedia upang maghanap ng impormasyon tungkol sa iyong tribo, ang iyong pangulo, isang uri ng halamang nais mong itanim, o paksa ng iyong aralin sa paaralan."

"Magagamit ang Wikipedia sa halos 300 na mga wika. Bawat wika ay isinulat ng mga taong gumagamit nito, kaya't may mga Wikipedia na may mas maraming artikulo kaysa sa iba. Halimbawa, may humigit-kumulang 2 milyong artikulo sa French Wikipedia, habang lampas 5 milyon naman ang nasa English Wikipedia."

Ibahagi ang sarili mong mga halimbawa sa trainee tungkol sa mga benepisyo ng Wikipedia at kung paano mo ito ginagamit.

## Ano ang maaari mong paggamitan nito?

**Gawin itong makabuluhan** sa trainee sa pamamagitan ng pagtalakay kung paano ito maaaring maging kapakipakinabang sa sariling buhay ng trainee. Isaalang-alang ang mga halimbawa na tugma o kapaki-pakinabang sa sumusunod na klase ng trainees na makikilahok sa inyong sesyon:

**Matatanda:** Manaliksik ng impormasyon tungkol sa kalusugan o karaniwang karamdaman.

**Ina o maybahay:** Manaliksik ng impormasyon kasama ang iyong anak tungkol sa kanilang takdang-aralin o mga proyekto sa mga paksa gaya ng kasaysayan o siyensya.

**May-ari ng negosyo:** Maghanap ng impormasyon tungkol sa negosyo o kasanayan sa negosyo o sikat na negosyante.

**Magsasaka o mga tao sa kanayunan:** Maghanap ng impormasyon tungkol sa isang partikular na hayop o pananim, mga karamdaman o peste, mga kasanayan sa pagsasaka o pangangalaga sa lupa at tubig.

**Kabataan:** Manaliksik ng impormasyon para sa iyong pag-aaral o negosyo, o tungkol sa isang partikular na industriya para sa paghahanap ng trabaho; alamin ang tungkol sa mga pelikula, sikat na tao, o sports.

## Paano ito gumagana?

### Ipahawak ang smartphone sa mga trainee at tulungan silang sundan ang mga hakbang.




**Ipakita ang poster** at ipaliwanag ang mga hakbang sa paghahanap ng Wikipedia article (halimbawa, ‘Africa’, ‘music’, o ‘World Cup’).

## Magsanay!

**“Ngayon na alam mo na kung paano gamitin ang Wikipedia, para sa alin mo ito gustong gamitin?”**

Magbigay ng ilang salita o keyword na maaaring hanapin ng trainee batay sa kanilang interes. Panatilihing simple ang paghahanap—gumamit lamang ng isa o dalawang salita.

**Trainer:** Tulungan ang trainee sa paghahanap ng artikulo sa Wikipedia gamit ang kaniyang smartphone.

**Ipaliwanag:** “Maaaring lumabas ang Wikipedia kapag gumamit ka ng ibang serbisyo tulad ng Google o Yahoo upang maghanap sa internet. Kadalasan, ang Wikipedia ang unang lumalabas na resulta ng paghahanap. Maaari kang magsimula sa Wikipedia upang makita ang pangkalahatang ideya ng isang paksa, at saka maghanap sa mga sanggunian upang makakuha ng mas mapagkakatiwalaang impormasyon.”

## Kaligtasan

“Ang Wikipedia ay isang website na nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa lahat ng mga uri ng mga tao at kaganapan. May mga impormasyong masaya at positibo, habang may iba namang tumatalakay sa mga malungkot na pangyayari sa kasaysayan. May mga pagkakataong makakikita ka ng mga nilalaman sa Wikipedia na magpapasaya o magpapalungkot sa iyo. Puwede mong limitahan ang pagbabasa ng mga bagay na nagpapalungkot sa iyo.”



**Ipakita ang poster ng ‘Importanteng tips para manatiling ligtas online.’**

# Mga Poster at Mga Cut-Out

## Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo
ng basic mobile internet skills

# Importanteng tips para manatiling ligtas online

**Tandaan na bukas ang internet para sa lahat sa buong mundo, kaya dapat itong ituring na parang pampublikong lugar—(gaya ng palengke) na kailangan mong mag-ingat at maging responsable sa mga ginagawa mo online.**

## Tandaan na hindi lahat ng nakikita mo online ay totoo

Kahit sino ay puwedeng mag-post ng kahit ano online, kaya huwag maniwala sa lahat ng nakikita mo. Kahit na mula ito sa isang taong pinagkakatiwalaan mo, maaaring hindi ito totoo. Mag-ingat bago magbahagi ng impormasyon sa iba.

## Mag-isip nang mabuti bago magpadala ng pera sa isang taong nakilala mo online

Mag-ingat sa mga email, mensahe o pop-up na hindi mo hiningi, lalo na kung humihingi sila ng pera o naglalaman ng mga kakaibang link.

## Panatilihing pribado ang personal na impormasyon mo, kabilang ang mga password

Iwasang magbahagi ng mga personal na detalye tulad ng buong pangalan mo, address ng bahay o phone number maliban kung talagang kinakailangan.

## Huwag magdulot ng pinsala sa iba online

Maging mabait at magalang. Huwag mang-bully, magkalat ng maling impormasyon o mang-harass ng sinuman. Ang iyong mga aksyon online ay maaaring makaapekto sa mga tao sa totoong buhay.


## Maging mapagbantay sa mga scam at manloloko

Katulad sa totoong buhay, nasa internet din ang mga magnanakaw at kriminal. May mga taong nagpapanggap na ibang tao online.

## Kumilos sa pamamagitan ng pag-block o hindi pagpansin sa taong nang-iistorbo sa iyo


Kung may nang-aabala o nangha-harass sa iyo online, humingi ng tulong at sabihin sa isang tao o i-report ito.

# Mga Gastos sa Data



Paano gamitin ang
Wikipedia

# Paano gamitin ang Wikipedia



Mga Cut Out ng Icon
**Wikipedia**


# WIKIPEDIA

Mga Cut Out ng Icon
**Wikipedia**



Mga Cut Out ng Icon

**Wikipedia**



Mga Cut Out ng Icon

**Wikipedia**



Mga Cut Out ng Icon

**Wikipedia**



Mga Cut Out ng Icon

**Wikipedia**



Mga Cut Out ng Icon
**Wikipedia**



Mga Cut Out ng Icon
**Wikipedia**